

Saan pupunta para sa pangangalagang pangkalusugan sa North York

Kung mayroon kang doktor ng pamilya o propesyonal na nars (family doctor o nurse practitioner), makipag-ugnayan muna sa kanila dahil marami sa kanila ang nagbibigay-serbisyo sa kanilang mga pasyente nang lampas o pagkatapos ng karaniwang oras ng trabaho.

Health811

Nakahandang maglingkod nang 24 na oras sa isang araw at 7 araw sa isang linggo



Isang libre at kumpidensyal na serbisyo sa telepono Humingi ng payong pangkalusugan o pangkalahatang impormasyon sa kalusugan mula sa isang rehistradong nars. I-scan ang QR code sa kanan para sa higit pang mga detalye o tumawag sa: **811 / TTY: 1-866-797-0007**



Maghanap ng Pangunahing Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan (doktor ng pamilya o propesyonal na nars)



Health Care Connect nagre-refer ng mga taong nakatira sa Ontario na walang doktor ng pamilya o propesyonal na nars (family doctor or nurse practitioner) sa isang tagapangalagang pangkalusugan na maaaring tumatanggap ng mga bagong pasyente. Tumawag sa 1-800-445-1822 o magparehistro sa pamamagitan ng QR code sa kaliwa.

Kung wala kang Pangunahing Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan (doktor o nars) o hindi maka-access sa isa, pumunta sa isang walk-in na klinika

Klinika ng Family Doctor na Nagbibigay-serbisyo nang Lampas sa Karaniwang Oras ng Trabaho sa North York (walk-in na klinika)

Lokasyon: Bayview Village Shopping Centre
2901 Bayview Avenue (ground floor ng Loblaws)

Tumawag sa: 416-491-6338

Para sa listahan ng iba pang walk-in na klinika sa North York, i-scan ang QR code sa kanan.



Hotline ng mga Suportang Serbisyo para sa mga Matatanda (Senior) sa North York

Para sa impormasyon sa mga serbisyong pangkalusugan at pangangalaga sa komunidad para sa mga matatanda (edad 65+), tumawag sa: **416-447-5200**

Kailangan mo ba ng tulong sa paghahanap ng mga serbisyong pangkalusugan at panlipunan na mas malapit sa tahanan?




Ang Toronto Health and Social Services Directory ay isang madaling gamitin na website na may mga listahan para sa 8,000+ serbisyong pangkalusugan, panlipunan at pangkomunidad sa Toronto, kabilang ang North York.



I-scan ang QR code upang maghanap ayon sa lokasyon, keyword o paksa o bisitahin ang: torontoservicedirectory.ca.

Para sa mga bata (hanggang sa edad na 18) - HINDI para sa mga bakuna o regular na check up



- **Klinikang Nagbibigay-serbisyo sa mga Bata nang lampas o pagkatapos ng karaniwang oras ng trabaho**

1100 Sheppard Ave. East.

Tumawag sa: 416-250-5000

- **kidEcare Urgent Care Clinic**

491 Eglinton Ave. West.

Tumawag sa: 416-860-6696

- **Kidcrew**

Available / mayroong mga virtual o appointment na online 7 araw sa isang linggo sa pediatrician na nakahandang maglingkod kapag kinakailangan (on-call).

Tumawag sa: 416-654-5437

Departamento ng Ospital na Pang-emergency



Kung ikaw ay may malubhang karamdaman o pinsala, o may kondisyong banta sa buhay, pumunta sa Charlotte & Lewis Steinberg Emergency ng North York General Hospital (4001 Leslie St.) o sa departamentong pang-emergency ng ospital na pinakamalapit sa iyo.

I-scan ang QR code sa kaliwa para sa mga detalye kung kailan pupunta sa isang departamentong pang-emergency.